

Mga serbisyo at suporta sa Pinoy Inventor inilatag ng DOST-TAPI

By Allan Mauro V. Marfal, DOST-STII

Sa ginanap na Inventors' Forum sa Heritage noong ika-2 ng Oktubre 2019 sa Heritage Hotel sa lungsod ng Pasay, ibinahagi ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) ang iba't iba nilang mga programa at serbisyo na tutugon sa pangangailangan ng mga Pilipinong imbentor.

"Sa mahabang panahon, lubos na naniniwala ang DOST sa malaking kontribusyong naiambag ng mga Pilipinong imbentor at ng kanilang mga inobatibong produkto sa pagbibigay ng angkop na solusyon sa mga ilang suliranin ng bansa," paglalahad ni Engr. Edgar I. Garcia, direktor ng DOST-TAPI.

Ayon sa kanya, patuloy na nagsusumikap ang DOST-TAPI na paunlarin at palawakin ang kanilang mga serbisyo upang mas maraming Pilipino pa ang mahimok na magbahagi ng kanilang imbensyon.

Isa sa mga programa ng DOST-TAPI na ibinagi sa nasabing okasyon ay ang I-TECH Lending Program kung saan katuwang nila ang Land Bank of the Philippines (LBP). Layunin nito na magbigay ng pinansyal na suporta sa mga imbentor na maibenta sa merkado ang kanilang mga produkto na mayroon ng patent.

Taong 2017 nang pumirma sa isang kasunduan ang DOST-TAPI at LBP upang ilunsad ang I-TECH Lending Program. Nakapaloob dito na maaaring magpahiram ang DOST-TAPI ng umaabot sa 85 na porsyento



Binigyang-linaw ni DOST-TAPI Dir. Engr. Edgar I. Garcia, ang ilang mga katanungan ng mga Pilipinong imbentor hinggil sa mga suporta at serbisyo nilang maaaring makuha mula sa ahensya. (Larawan ni Gerardo G. Palad, DOST-STII)

ng kabuuang halaga na magastos sa pagproseso ng commercialization ng patented na produkto.

Samantala, hinihikayat naman ni Land Bank Program Management Department Vice-President Generoso David ang mga imbentor na maging bahagi ng nasabing programa. Ayon sa kanya, sa kasalukuyan, simula 2017, apat na imbentor palang ang kumuha ng pinansyal na suporta mula sa nasabing programa. Dahil dito, may panghihinayang si David na kaunti lamang ang mga imbentor na lumalahok at kumuha sa serbisyong ibinibigay ng I-TECH Lending Program kung saan may pondo namang nakalaan para suportahan ang mga Pilipinong imbentor.

Bukod dito, ipinakilala rin ng DOST-TAPI ang isang malawakang aktibidad na matagal na nilang isinasagawa—ito ay ang National Invention Contests and Exhibits o NICE at Regional Invention Contests and Exhibits o RICE.

Ang RICE ay isinasagawa tuwing dalawang taon na kung saan may pagkakataon ang mga Pilipino sa bawat rehiyon na ipakilala

ang kani-kanilang mga inobasyon at napapanahong produkto at imbensyon. Nahahati ito sa apat na kategorya: ito ang Invention Category, Utility Model Category, Industrial Design Category, at Creative Research Category. Ang mga magwawagi sa bawat rehiyon ay magtatagisan naman sa NICE sa kasunod na taon.

Ang grand winner para sa Invention Category ay makatatanggap ng Php 50,000, samantalang sa Utility Model Category at Industrial Design Category ay Php 20,000 naman ang matatanggap ng mananalo. Para naman sa Creative Research Category sa sekondarya at kolehiyo, ang mananalo ay mag-uwi ng Php 20,000.

Para kay Engr. Garcia, ang paglulunsad ng RICE at NICE ay nagbibigay-daan upang makatuklas ng mga bagong imbentor at imbensyon sa iba't ibang sulok ng bansa. Dagdag pa niya, nagbibigay din ito ng oportunidad sa ilang mga Pilipino na magbigay ng alternatibong solusyon sa mga suliranin at kakulangan na mayroon sa kanilang mga lugar.

Mga Nilalaman

DOST-NAST, naglalayong dagdagan ang mga siyentipiko sa Central Visayas.....	p2
Science Journalism Writeshop idinaos sa lungsod ng Davao.....	p3
Mas pinagandang Bicol Science and Technology Centrum inilunsad.....	p4
LarawaNews.....	p4

DOST-NAST naglalayong dagdagan ang mga siyentipiko sa Central Visayas

Ni Angelica Marie Paz, DOST-STII

Ang National Academy of Science and Technology (NAST) ng Department of Science and Technology (DOST) ay bumibisita sa iba't ibang probinsya ng bansa upang isulong ang Scientific Career System (SCS)—isang programang naglalayong madagdagan ang bilang ng mga career scientists sa Pilipinas. Layunin rin ng DOST-NAST na hikayatin ang mga local researcher na mag-apply sa programa.

Ngayong taon, ginanap ang SCS colloquium o pagtitipon ng mga akademiko sa Dumaguete na tinaguriang "City of Gentle People" noong ika-24 ng Oktubre 2019 sa Plaza Maria Luisa Suites Inn.

Pinangunahan ito ng mga career scientists mula sa iba't ibang ahensya ng gobyerno na kilala dahil sa kanilang kontribusyon sa larangan ng siyensya at teknolohiya.

Dumalo rin sa pagtitipon ang mga tauhan ng Department of Environment and Natural Resources-Region VII, Department of Agriculture-Region VII, Negros Oriental State University System, Bohol Island State University, Siquijor State College, Cebu Normal University, at National Food Authority-Negros Oriental Field Office.

Sa kanyang mensahe, ibinahagi ni Atty. Gilbert R. Arbon, direktor ng Provincial Science and Technology Center-Negros Oriental, ang isang kwento tungkol sa agila. Inihantulad niya ang mga katangian ng agila sa mga katangian na dapat itaglay ng isang siyentipiko—marunong manaliksik ng mga makabago at kapaki-pakinabang bagay.

Ibinida rin sa colloquium ang capillarigation o mas murang irrigation system gawa sa plastic na straw at bote. Kasama rin sa

pagtitipon ang pagbabahagi ng pag-unlad ng beta-carotene-fortified rice. Nagkaroon rin mga presentasyon ng mga pananaliksik mula sa sa mga kilalang career scientist.

Tinalakay naman ni Dr. Danilda H. Duran, Scientist I at Senior Agriculturist ng Philippine Carabao Center kung paano makilahok sa SCS at maging isang ganap na career scientist. Inilahad din niya ang mga benepisyong maaari nilang matanggap mula sa programa.

Sunod naman na nagpahayag ay si Dr. Evel Gergon, Scientist I, plant pathologist at dating pinuno ng Department of Agriculture-Philippine Rice Research Institute (DA-PhilRice) Germplasm and Seed Health Division. Kanyang ibinahagi ang Magna Carta para sa mga siyentipiko, mananaliksik, pati na rin sa mga non-DOST personnel. Bukod pa rito, siya rin ay nagbigay ng paglalahad tungkol sa Predatory Journals and Conferences. Binigyang-diin niya na kailangang maging alisto ang mga siyentipiko sa pagsali sa mga conference at sa pagpapasa ng mga research paper upang mailathala ang kanilang pag-aaral.

Tinalakay naman ni Dr. Maribel L. Dionisio-Sese, Professor 12 at University of the Philippines Scientist I ang Ethics for Researchers. Binigyang-halaga niya na isang matinding paglabag sa Ethics of Research ang pangongopya ng gawa ng iba o plagiarism; pati na ang self-plagiarism na kadalasan ay hindi dapat nakakaligtaan kapag nagsusulat.

Pagdating ng hapon, si Dr. Peregrino G. Duran naman ang nagbigay ng panayam ukol sa "Ultrasonography as Tool in Reproductive and Breeding Management in Cattle and Water Buffalo". Si Dr. Duran ay isang Scientist I mula sa Philippine Carabao Center.

Dagdag pa rito, naroon din sa pagtitipon si Dr. Ricardo F. Orge, isang Scientist I mula sa DA-PhilRice. Siya ay nagbahagi ng kanyang karanasan bilang isang siyentipiko at ang kanyang inilathalang gawa na pinamagatang "Responding to climate change challenges in rice production". Ibinahagi niya kung paano nagagamit ang capillarigation bilang bagong teknolohiya sa pagsasaka.

Itinampok rin sa colloquium ang "Archeology of Bacong, Negros Oriental" ni Dr. Eusebio Z. Dizon, Curator I sa National Museum of the Philippines. Kaniyang ipinaliwanag ang resulta ng kanyang pananaliksik at kung papaano makatutulong ang archeological findings na kanyang nakalap sa pag-usbong ng makasaysayang datos ng Pilipinas.

Huli namang nagbahagi ng kanyang karanasan bilang isang career scientist si Dr. Reynante L. Ordonio mula rin sa DA-PhilRice. Upang hikayatin ang mga kalahok, kanyang ikinuwento kung papaano niya nakamit ang kanyang doctoral degree sa Nagoya University, Japan. Kasama ang kanyang grupo na mga mananaliksik na katulad niya, inilahad niya ang mga pag-unlad ng beta-carotene-fortified rice na tinaguriang Golden Rice.

Sa pagtatapos ng SCS colloquium, umaasa si DOST-NAST Director Luningning Samarito-Domingo na may mga siyentipiko mula sa Central Visayas na mag-aaply sa SCS at maging full-time na career scientists sa hinaharap.

Ang Scientific Career System Colloquium ng DOST-NAST sa Central Visayas ay naging ganap sa pamamagitan ng pagtutulongan ng DOST-Region VII at PSTC-Negros Oriental. (Impormasyon mula kay Engr. Reinhold Jek Y. Abing, PSTC-Negros Oriental)



Dinaluhan ng mga siyentipiko ang SCS Colloquium na ginanap sa Plaza Maria Luisa Suites Inn, Dumaguete City, Negros Oriental noong ika-24 ng Oktubre 2019.

Science Journalism Writeshop idinaos sa lungsod ng Davao

Teksto at larawan ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*

Bilang bahagi ng 2019 Regional Science and Technology Week (RSTW) sa Lungsod ng Davao, magkatuwang na isinagawa ng Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) at DOST-Region XI ang isang science journalism writeshop noong ika-30 ng Oktubre 2019 sa University of Immaculate Conception sa Lungsod ng Davao.

Pinamagatang #ScienceJournAko: Communicating Science in Davao Region, layunin nito na ipaunawa sa mga mag-aaral sa sekondarya sa Lungsod ng Davao ang mga benepisyong hatid ng siyensya at teknolohiya upang paunlarin ang kani-kanilang pamumuhay at komunidad. Ninanais din nito na gabayan sila sa epektibong paglalahad ng impormasyon sa siyensya sa pamamagitan ng pagsusulat, pagkuha ng mga larawan, at pagdidisenyo ng mga pahayagan.

Nagsilbing tagapagsanay sina Reuel John F. Lumawag at Mark Christian A. Lim ng Sunstar Davao at si Harley T. Barrozo, designer at lecturer sa Urdaneta City University.

Ayon kay Lumawag, tumatayong editor-in-chief ng Sunstar Davao, may napakahalagang papel na ginagampanan ang mga science journalist, partikular na sa panahon ng mga kalamidad.

RODOLFO P. DE GUZMAN
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ROSEMARIE C. SEÑORA
Proofreader

ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



Kasama nina (nakaupo sa gitna, mula kaliwa) Mark Christian A. Lim, Reuel John F. Lumawag, at Harley T. Barrozo ang mga mag-aaral na lumahok sa #ScienceJournAko: Communicating Science in Davao Region.


“Ang ating mga istorya ay magbibigay ng kaalaman at impormasyon na makakaapekto sa mga desisyon ng mga tao at awtoridad sa panahon ng kalamidad kagaya ng bagyo at lindol,” paliwanag ni Lumawag.

Dagdag pa niya, importanteng dumidirekta sa mga siyentista at eksperto upang maipaliwanag nila ang mga proseso hinggil sa kanilang mga teknolohiya at pag-aaral. Hinihikayat din niya na hingin ang suhestiyon ng mga eksperto kung paano mas mapapasimple ang pagpapaliwang sa teknolohiya upang mas maunawaan ito ng mga mambabasa.

Ipinaalala rin niya na sa pagsusulat ng mga istorya sa siyensya, mahalagang maipakita rito kung anong klaseng benepisyo ang maibibigay nito sa isang sektor o komunidad.

Samantala, ipinaliwanag ni Lim na malaki ang maitutulong ng mga larawan sa pagpapalawak kung para saan ginagamit at sino ang makikinabang sa mga teknolohiyang dinedebelo ng ating mga siyantipiko.

Sa pagbabahagi naman ni Barrozo, ipinaliwanag niya ang ilan sa mga elemento



Ibinahagi ni Harley T. Barrozo ang ilan sa mga teknik upang mas maging epektibo ang pagdidisenyo ng newsletter.

na kinakailangan sa pagdidisenyo ng isang newsletter, partikular sa pagbalanse sa mga kulay at larawan. Payo rin niya na iwasang layan ng maraming teksto ang unang pahina ng isang newsletter.

Bago ang nasabing science journalism writeshop sa Davao, isinagawa rin ng DOST-STII ang kahalintulad na pagsasanay noong Setyembre sa Lungsod ng Bayugan sa Agusan del Sur bilang tugon sa pagpapalawak ng kaalaman sa pagsusulat tungkol sa siyensya at teknolohiya.

Mas pinagandang Bicol Science and Technology Centrum inilunsad

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII

Isang surpresa ang naghihintay para sa mga lokal at dayuhang turista kapag binuksan na sa publiko ang binigyang-buhay at pinagandang Bicol Science and Technology Centrum (BSTC).

Muling inilunsad ang BSTC sa pagdiriwang ng 2019 Regional Science and Technology Week (RSTW) ng Department of Science and Technology-Region V (DOST-Bicol Region) mula ika-8 hanggang ika-10 ng Oktubre 2019 sa LVR Pavilion, Bicol State College of Applied Sciences and Technology (BISCAST) sa Naga City, Camarines Sur.

Ang natatanging pasilidad na ito ay bunga ng mga malikhaing pag-iisip nina dating DOST- V Administrative Officer Lumen M. Puno at Provincial Science and Technology Center-Camarines Sur Director Prescilla M. Encila noong 1993 na magtayo ng isang interactive science education venue sa rehiyon ng Bikol.

Noong ika-15 na Hunyo taong 1995, naging pilot project ng DOST ang BSTC, bilang isang science center na matatagpuan sa labas ng Metro Manila. Ito ay naging isang natatanging pasilidad na maipagmamalaki ng rehiyon at sa pagkalipas nga ng 24 taon, nanatiling nakatayo ang BSTC na katabi ng Naga City Hall.

Nagsimula ang BSTC na may iisang main science gallery tampok ang mga exhibit



Ang BSTC ay nagsisilbing lugar para sa mga mag-aaral, at sa publiko na maranasan ang kahanga-hangang mundo ng agham, teknolohiya at inobasyon. (Larawan mula kay Art A. Aguila/Bicol Science Centrum Facebook Page)

material sa ilang konsepto sa agham at praktikal nitong mga aplikasyon. Ilan sa mga ito ang chaotic pendulum, momentum machines, optical illusion, at ang Archimedes' screw. Ang mga ito ay handog ng DOST-Science Education Institute at ng Philippine Science Foundation, Inc.

Kalaunan, nadagdagan ang centrum ng mas maraming atraksyon at interaktib na exhibit tulad ng Sci-Art Cubbyhole for Toddlers and Pre-Schoolers; IBM Kidsmart/ Young Explorer computers na naglalaman ng early childhood education modules; Naga River Gallery; at Space/Astronomy Gallery.

Malaki din ang ginagampanan ng BSTC ngayon sa pagpapalago ng turismo at sa dalawang dekada, may higit 1.1 milyong mga bisita na ang pumunta.

Sa muli nitong pagbubukas—bukod sa mga nabanggit—ay magkakaroon din ng pagkakataon ang mga bibisita sa centrum na magalugad ang himpapawid at magkaroon ng dagdag na kaalaman sa astronomiya sa pamamagitan ng ilulunsad na 'Stargazing sa Barangay'. Mayroon ding mga film showing na isasagawa sa iba't ibang barangay sa Naga City at sa kalapit na munisipalidad. (Impormasyon mula kay Rodolfo P. de Guzman, DOST-STII)

LarawaNEWS



Opisyal na ibinigay ni Department of Science and Technology Secretary Fortunato T. de la Peña (kaliwa) ang chairmanship ng ASEAN Ministerial Meeting on Science Technology and Innovation (AMMSTI) kay His Excellency Dr. Koh Poh Koon, senior minister ng State, Ministry of Trade and Industry of the Republic of Singapore sa 18th AMMSTI noong ika-11 ng Oktubre 2019 sa Singapore. Ibinahagi ng mga ministro ang kanilang suporta sa pag-develop ng ASEAN Innovation Roadmap 2019-2025 at ng iba pang mga agenda. Ayon sa opisyal na pahayag ng ministerial meeting, pinagusapan din ng mga ministro ang Fourth Industrial Revolution (4IR): Workforce Readiness and Private Sector Engagement and Science, Technology and Innovation (STI) Talent Development. "Science, technology and innovation are important assets and key enablers of economic growth. Over the years, ASEAN cooperation in these fields has enabled us to deepen our ties and achieve synergies on many fronts. If ASEAN continues to collectively leverage science, technology and innovation, it will go a long way in helping us address challenges from disruptive trends and technologies and equip our citizens with the skills for a future-ready ASEAN," ani Senior Minister Koh. Dagdag pa rito, sumang-ayon din ang mga ministro na ang ASEAN Innovation Roadmap 2019-2025 ay magsisilbing gabay upang maging mas kolektibo ang mga programang nais gawin ng ASEAN sa mga susunod na taon at upang mailatag ang mga proseso at kinakailangang pagsasaayos upang maisagawa ang mga inisyatibo sa ilalim ng implementation plan ng roadmap. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII, impormasyon at larawan mula kay Enrico A. Belga Jr., DOST-CO)